# INTERNATIONAL NAPASA ( June 10, 2025 )

## 1)PAGPAPAALAM UKOL SA INTERNATIONAL EXCHANGE SALON NG HIRATSUKA

国際交流サロンのお知らせ

Ang "***TANABATA FESTIVAL***" sa Hiratsuka City ngayong taon ay gaganapin sa July 4 (Friday) hanggang July 6 (Sunday). At sa July 5 (Saturday) ng 10:00 ng umaga hanggang 2:00 ng hapon, ang International Exchange Association ng Hiratsuka City ay magbubukas ng "***INTERNATIONAL EXCHANGE SALON***" sa Hachimanyama no Youkan para sa mga turistang galing sa ibang bansa. Dito ay makaka-eksperyensa ng katutubong kultura ng hapon tulad ng paggawa ng Origami, Calligraphy, Aikido, Cat's Cradle at Japanese Chess (Shogi). At masisiyahan din sa pagpapaletrato gamit ang smart phone habang nakasuot ng Yukata. Ang pagdalo dito ay libre at hindi na rin kailangan ang pagpapareserba***.*** Marami ring dadalong mga boluntaryong interpreter sa wikang Ingles. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa "***INTERNATION EXCHANGE ASSOCIATION***" **Executive Office** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-25-2520 (0463-25-2520).**

## 2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa June 14 (Saturday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***MACHIDA ZELVIA.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 5:30 ng hapon.At ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 3)UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG HULYO

7月から始まるスポーツ教室のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba't-ibang ***SPORTS LESSON*** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay ***AEROBICS, FITNESS, STRETCH EXERCISE*** at iba pa***.***

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City. Maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-0102 ( 0463-35-0102 ).** Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang sa June 13 (Friday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing foundation.

## 4)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa June 18 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng ***"Kaneko Kazumi Concert"*** at mula 6:00 hanggang 7:00 ng hapon ay isasagawa naman ang ang concert na ***"Musica Canino Concert".***

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114).**

## 5)DEVICE PARA SA PAG-IWAS SA MGA DI KANAIS-NAIS NA TAWAG O SPAM CALLS

迷惑電話防止装置のお知らせ

1. Dito sa Hiratsuka City ay nagbibigay ng tulong na 1/2 ng presyo sa pagbili ng device para makaiwas sa mga di kanais-nais na tawag o spam calls sa mga residenteng matatanda na may edad na 65 taong gulang pataas. Subalit hanggang sa ¥ 5000 lamang ang tulong. Para sa mga gustong mag-apply ay isagawa ang kinakailangang pag-proseso sa ***RISK AND MANAGEMENT DIVISION*** sa 4th Floor ng Hiratsuka City Office. Para sa mga katanungan ukol sa mga kinakailangang dokumento ay makipag-ugnayan sa sa ***RISK AND MANAGEMENT DIVISION.*** Telephone No. 0463-21-9863 (0463-21-9863).